Republic of the Philippines

Department of Education

DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

STRENGTHENED SENIOR HIGH SCHOOL CURRICULUM

FILIPINO SA ISPORTS

Baitang 12

Deskripsiyon ng Kurso:
Nakatuon ang kursong ito sa kritikal na pag-unawa, pagsusuri, at pagsulat ng iba't ibang sulating pang-isports na angkop sa interes ng mga mag-aaral. Gamit ang akademikong Filipino, bubuo rin ng panukalang plano na tumutugon sa pangangailangan sa komunidad.

Elective: Akademiko
Paunang Kailangang Asignatura: Wika at Komunikasyon sa Akademikong Filipino
Itinalagang Oras: Apat (4) na oras bawat linggo; kabuoang 80 oras sa loob ng isang seméstre

UNANG MARKAHAN

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayan sa akademikong Filipino sa kritikal na pag-unawa, pagsusuri at pagbuo ng iba't ibang sulating pang-isports gaya ng ulat ng laro, plano ng laro, patakarang pang-isports, at iba pang tekstong teknikal pang-isports.
PAMANTAYANG PAGGANAP	Nakabubuo ng mga sulating pang-isports batay sa elemento at etika sa pagsulat gamit ang akademikong Filipino.

KASANAYANG PAMPAGKATUTO	**NILALAMAN**
1. Naipaliliwanag ang gamit ng akademikong Filipino sa kalusugan, isports, at kaangkupang pisikal	I. Mga Gamit ng Akademikong Filipino: A. Pagpapahayag ng kultura (gaya ng ugali, kilos o gawi at pagpapahalaga) B. Pagpapalaganap ng Fitness, Sports and Health (FiSH) C. Pagtataguyod ng ugnayan sa komunidad
2. Naipaliliwanag ang mga elemento ng mga sulating pang-isports	II. Mga Elemento ng Tekstong Pang-isports: A. Nilalaman B. Layon C. Estruktura/Pagkakaayos D. Estilo E. Rehistro ng Wika F. Target Awdyens
3. Nasusuri ang mga elemento ng mga sulating pang-isports	III. Sulating Pang-isports

4. Naihahambing ang sulating pang-isports sa iba pang sulatin batay sa mga elemento 5. Naiisa-isa ang mga etika at hakbang sa pagsulat ng sulating pang-isports	A. Ulat ng laro B. *Incident report* C. Iba't ibang plano sa isports/ e-sports 1. *training logs* 2. *skills development plan* 3. *emergency action plan* 4. *athlete development plan* D. Iskedyul ng *event*, tala ng iskor, at mga pormularyo para sa gawad at pagkilala E. Mga sulatin tungkol sa patakaran 1. *Game day manual* o mga polisiya ng pangkat *2. Sports Code of Conduct* IV. Etika sa Pagsulat ng Sulating Pang-isports V. Mga Hakbang sa Pagsulat ng Sulating Pang-isports A. Pagpili ng isports batay sa interes B. Pangangalap ng impormasyon C. Pagbabalangkas D. Pag-eedit at pagsusuri E. Paglalathala o pagbabahagi
6. Nakabubuo ng mga sulating pang-isports batay sa elemento at etika sa pagsulat gamit ang akademikong Filipino	VI. Mga Sulating Pang-isports

IKALAWANG MARKAHAN

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayan sa akademikong Filipino sa kritikal na pag-unawa, pagsusuri at pagsulat ng iba't ibang anyo ng mga sulating pang-isports gaya ng pangkalakalan, serbisyo, plano sa pangangalaga ng kalusugan, at iba pang sulating panserbisyo at pangkalakalan sa larang pampalakasan.
PAMANTAYANG PAGGANAP	Nakabubuo ng *sports brochure* kaugnay ng mahahalagang datos na nakalap sa pangangalaga ng mental at pisikal na kalusugan ng manlalaro sa napiling isports

KASANAYANG PAMPAGKATUTO	**NILALAMAN**
1. Nasusuri ang mga sulating pangkalakalan sa isports batay sa mga elemento	I. Mga Sulating Pangkalakalan sa Isports A. Mungkahing marketing at *sponsorship* B. Proposal para sa negosyong pang-isports
2. Nasusuri ang mga sulatin sa serbisyong pang-isports 3. Nakasusulat ng *scouting report* batay sa pinanood na bidyo ng laro 4. Nakasusulat ng piling sulatin sa serbisyong pang-isports batay sa interes ng mag-aaral	2. Mga Sulatin sa Serbisyong Pang-isports A. *Coaching manual* B. *Compliance documents* *1. Registration Forms* *2. Waivers and Releases* 3. Kasunduan sa Pagbobolontaryo 4. Kontrata ng Manlalaro C. Itineraryo sa paglalakbay D. *Scouting reports* E. Mga *press release*
5. Nakapagsasagawa ng panayam kaugnay sa kaligtasan at pangangalaga ng mental at pisikal na kalusugan ng manlalaro	III. Pangangalaga ng Kalusugan sa Simula, Habang, at Pagkatapos ng Laro A. *Nutritional plan* B. *Health and safety protocols* C. *Mental health and social media policy*
6. Nakabubuo ng *sports brochure* kaugnay ng mahahalagang datos na nakalap sa pangangalaga ng mental at pisikal na kalusugan ng manlalaro sa napiling isports	IV. Pagbuo ng *Sports Brochure*

GLOSARYO

Akademikong Filipino. Wikang ginagamit sa iba’t ibang disiplina ng pag-aaral na nakatuon sa mga gawaing praktikal, teknikal, diskurso, at pampananaliksik.

Athlete Development Plan. Komprehensibong plano na dinisenyo upang tulungan ang isang atleta na maabot ang kaniyang pinakamataas na potensiyal sa kaniyang napiling isport.

Balitang pang-isports. Ulat na naglalaman ng mga kaganapan, apdeyt, at mahahalagang impormasyon tungkol sa isports at ang mga atleta, koponan, o organisasyong sangkot dito.

Coaching manual. *T*ekstong nagbibigay ng gabay at mga alituntunin para sa mga *coach* sa iba't ibang aspeto ng kanilang trabaho, mula sa pagpaplano ng pagsasanay (*training sessions*) hanggang sa pamamahala ng mga atleta at pagtutok sa kanilang pisikal at mental na pag-unlad.

Compliance documents. Mga opisyal na dokumentong ginagamit upang matiyak na ang isang negosyo, organisasyon, o indibidwal ay sumusunod sa mga naaayong batas, regulasyon, at mga pamantayan.

E-sports o ***electronic sports.*** Uri ng kompetisyon na isinasagawa gamit ang *video games* na ang mga manlalaro o koponan ay naglalaban-laban upang makamit ang tagumpay sa isang partikular na laro.

Emergency action plans. I*s*ang dokumentadong plano na nagsasaad ng mga hakbang at prosesong dapat sundin sa panahon ng isang *emergency*, partikular na sa mga sitwasyon ng pinsala o aksidente sa isang isport o aktibidad na pisikal.

Game day manual. *I*sang komprehensibong gabay o dokumento na naglalaman ng mga detalyadong impormasyon at mga hakbang na kailangang sundin sa araw ng isang laro o *event*.

Health and safety protocols. Mga alituntunin at hakbang na ipinapatupad upang protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga tao sa isang partikular na *setting* tulad ng lugar na pinagtatrabahuhan, paaralan, *sports event*, o pampublikong lugar.

Isports. Aktibidad o laro na may kinalaman sa pisikal na pagsasanay, kasanayan at kompetisyon; nakatuon ito sa pagpapabuti ng kalusugan, pagpapalakas ng katawan, at pagsasanay sa *teamwork* at disiplina.

Itineraryo sa paglalakbay o *travel itinerary.* Isang detalyadong plano o iskedyul na nagsasaad ng mga aktibidad, destinasyon, at iba pang mahahalagang impormasyon kaugnay ng isang paglalakbay.

Iskedyul ng *event.* Detalyadong plano na nagsasaad ng mga aktibidad, oras, at lugar ng isang partikular na kaganapan o event ng laro.

Kasunduan sa pagbobolontaryo. Isang dokumentong naglalahad ng mga kondisyon at mga responsibilidad ng mga boluntaryo sa isang partikular na aktibidad o organisasyon.

Kontrata ng manlalaro. Isang legal na dokumento na nagsasaad ng mga kasunduan at kondisyon sa pagitan ng isang manlalaro o atleta at ng isang koponan, liga, o organisasyon.

Marketing and sponsorship. Dalawang mahahalagang aspekto ng industriya ng isports na tumutulong sa pagpapalaganap ng isang *brand*, organisasyon, o *event* pati na rin sa pangangalap ng pondo para sa mga aktibidad na may kinalaman sa isports.

Mental health and social media policy. Dokumento o set ng mga alituntunin na naglalayong protektahan ang kalusugang mental ng mga indibidwal, partikular na ang mga gumagamit ng *social media*, mula sa mga negatibong epekto ng *online platforms*.

Nutritional plan. Isang organisadong plano ng pagkain na dinisenyo upang matugunan ang mga partikular na layunin sa kalusugan, tiyak na pangangailangang pangnutrisyon, kalusugan ng katawan, at pangkalahatang kagalingan ng isang tao.

Panukalang Planong Pang-isports. Dokumentong naglalaman ng detalyadong plano para sa pagpapatupad ng isang programa o proyekto na may kaugnayan sa isports; layunin nitong maitaguyod ang kalusugan, aktibong pamumuhay, at pagpapabuti ng kasanayan sa larangan ng isports.

Planong pang-isports. Sulating naglalayong magtakda ng mga layunin, estratehiya, at hakbangin upang mapaunlad ang mga aktibidad na may kinalaman sa isports.

Pormulayo para sa gawad at pagkilala. *Form* na ginagamit upang bigyan ng pormal na pagkilala o gantimpala ang isang tao, grupo, o organisasyon na nagpakita ng natatanging kontribusyon o tagumpay sa isang partikular na larangan.

Proposal ng negosyong pang-isports. Dokumentong nagsisilbing plano para sa pagtatayo, pagpapalago, o pagpapasok ng negosyo sa industriya ng isports

Press releases. Isang pormal na pahayag o dokumento na inilalabas ng isang kompanya, organisasyon, o indibidwal upang ipaalam ang mahahalagang balita, kaganapan, o impormasyon sa publiko at sa media.

Registration forms. Mga dokumentong ginagamit upang magtala ng mga kalahok, atleta, o miyembro ng isang organisasyon para sa isang tiyak na aktibidad, *event*, o serbisyo.

Scouting reports. Isang dokumento o ulat na nagbibigay ng detalyadong pagsusuri sa isang atleta, koponan, o kalaban sa isang laro o kompetisyon.

Skills development plan. Isang sistematikong plano na naglalayong mapabuti ang mga partikular na kasanayan ng isang atleta sa kanilang isport.

Sports code of conduct. Isang opisyal na dokumentong naglalaman ng mga alituntunin at pamantayan ng pag-uugali na inaasahang susundin ng lahat ng kalahok sa isang *sports event*, kabilang na ang mga atleta, *coach*, *referee*, at mga tagasuporta.

Sulating pang-isports. Isang uri ng sulatin o akda na tumatalakay sa mga laro, atleta, o anumang kaganapan at aspekto sa mundo ng isports.

Training logs. Isang sulatin o talaan na ginagamit ng mga atleta, *coach*, o iba pang indibidwal na may layuning mapabuti ang kanilang pisikal na kondisyon at pagganap sa isports.

Ulat ng laro at pinsala o *injury.* Isang uri ng sulating pang-isports na hindi lamang tinatalakay ang resulta ng laro kundi pati na rin ang mga insidente ng pinsala o *injury* na nangyari sa mga atleta sa panahon ng laro.

Waivers and releases. Isang legal na dokumentong nilalagdaan ng mga atleta o manlalaro upang magbigay ng pahintulot na lumahok sa isang *sports event* habang tinatanggap ang mga potensiyal na panganib, at pinapalaya ang tagapangasiwa mula sa anumang pananagutan sakaling magka-injury o maaksidente.

TALASANGGUNIAN

Aquino, R. (2019). "Managing Sports Events: Strategies and Practices." *International Journal of Sports Event Management*, 11(2), 78-90.

Bernabe, A. (2020). "Sports Injury Reporting and Game Analysis." *Journal of Sports Medicine and Injury Prevention*, 15(2), 45-56.

De Guzman, C. (2020). "Mga Estilo sa Pagsulat ng mga Artikulo ng Sports". *Pagsusuri ng mga Estilo sa mga Popular na Talata*.

Garcia, M. (2021). "Strategic Planning in E-Sports and Traditional Sports." *Sports Management Review*, 28(1), 78-90.

Green, M., & Chalip, L. (1997). *The Role of Planning in Sport Development: Theory and Practice*. *Journal of Sport Management*, 11(4), 320-336

Lontoc, J. (2018). "Pag-aaral ng Layon ng mga Tekstong Pang-isports". *Manila Journal of Communication and Media*.

Mercado, A. (2019). "Sports Development Programs: Bringing Opportunities to the Youth." *Journal of Sports Outreach and Development*, 10(2), 45-59.

Navarro, C. (2019). "Sports Nutrition: Enhancing Athlete Performance Through Proper Diet." *Journal of Sports Nutrition and Health*, 8(1), 30-42.

Ramos, F. (2018). "Sports Planning and Proposal Writing." *Journal of Sports Development and Planning*, 10(3), 45-57.

Recio, J. (2019). "Tracking Progress in Sports Training: The Importance of Training Logs." *Philippine Journal of Sports Science and Training*, 11(3), 23-35.

Tan, R. (2018). "Building Effective Skill Development Plans for Athletes." *Journal of Athlete Development*, 14(4), 44-50.

Tañada, R. (2021). "Target Audience sa Pagsusulat ng Tekstong Pang-isports". *Sports Media and Communication Journal*.